

Marso 9

SANTA FRANCESCA NG ROMA, Viuda

III cl • Doble • Puti

Misa mula sa Para sa hindi Virgen at hindi Martir (mga Viuda o Penitente) Cognóvi, *maliban dito:*

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui beátam Francíscam fámulam tuam, inter cétera grátia tuæ dona, familiári Angeli consuetúdiine decorásti: concéde, quæsumus; ut, intercessiónis ejus auxílio, Angelórum consórtium cónsequi mereámur. Per Dóminum.

O DIOS, kabilang sa mga kaloob Mo'y binigyan ang banal mong lingkod na si Santa Francesca, ng malapit na kaugnayan sa kaniyang tagatanod na anghel: ipagkaloob Mo, isinasamo namin, sa bisa ng kaniyang mga panalangin ay pagindapatin din kaming makapiling ang mga Anghel balang araw sa Langit. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Hermandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Marso 7

SANTO TOMAS DE AQUINO Confesor at Pantas ng Simbahan

III cl • Doble • Puti

Misa mula sa Para sa Pantas ng Simbahan In medio ecclesiae, *maliban sa mga ito:*

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui Ecclésiam tuam beáti Thomæ Confessóris tui mira eruditióné clarificas, et sancta operatióne fecúndas: da nobis, quæsumus; et quæ dócuit, intelléctu conspícere, et quæ egit, imitatióne complére. Per Dóminum.

O DIOS, sinikatan Mo ang Iyong Simbahan at pinagyaman ito dahil sa mahusay na karunungan at kabanalan ni Santo Tomas na iyong Confesor: ipagkaloob Mo nawang maunawaan namin ang kaniyang mga itinuro at tularan ang kaniyang pagka-uliran. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Proprio sa mga Orden Dominicos:

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui Ecclésiam tuam beáti Thomæ Confessóris atque Doctoris tui mira eruditióné clarificas, et sancta operatióne fecúndas: da nobis, quæsumus; et quæ dócuit, intelléctu conspícere, et quæ egit, imitatióne complére. Per Dóminum.

O DIOS, sinikatan Mo ang Iyong Simbahan at pinagyaman ito dahil sa mahusay na karunungan at kabanalan ni Santo Tomas na iyong Confesor at Pantas ng Simbahan: ipagkaloob Mo nawang maunawaan namin ang kaniyang mga itinuro at tularan ang kaniyang pagka-uliran. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

PAGBASA • Kar 7:7-14

Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan.

AKO'Y NANALANGIN at binigyan naman ako ng pang-unawa. Tumawag ako sa Diyos at binigyan ako ng Karunungan. Higit na mahalaga sa akin ang Karunungan kaysa trono at setro, at mas matimbang kaysa alinmang kayamanan. Hindi ko siya maipagpapalit maging sa pinakamahal na alahas. Ang ginto ay tulad lamang ng buhangin kung ihahambing sa Karunungan. Ang pilak nama'y nagmimistulang putik kapag inihambing sa kanya. Para sa akin, siya'y higit pa sa kalusugan o kagandahan.

Mas gusto ko siya kaysa alinmang ilaw sapagkat ang luningning niya'y walang pagkupas. Nang makamit ko ang Karunungan, dumating sa akin ang lahat ng pagpapala; siya ang nagkaloob sa akin ng kayamanang walang kapantay. Malaking kaligayahan ang dulot ng mga ito sa akin, sapagkat ang mga ito'y bunga ng Karunungan. Ngunit di ko alam noon na ang mga ito'y nagmula sa Karunungan. Walang pag-iimbot na nag-aral ako sa Karunungan; at ngayon ay malugod kong ibinabahagi sa iba ang aking natutunan. Hindi mauubos ninuman ang yaman ng Karunungan. Angkinin ninyo iyan at mapapalapit kayo sa Dios; ikinalulugod niya ang matuto kayo sa Karunungan. — *R. Salamat sa Dios.*

Proprio sa mga Orden Dominicos:

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

PASSIONIS Filii tui, Domine, memoriam cccentes depocsimus, ut quod tibi in beati Thomae Confessoris tui atque Doctoris sollemnitate deferimus, sacrificium sit acceptum. Per eundem Dóminum.

O PANGINOON, tanggapin Mo ang mga iniaalay namin sa Iyo ngayon pakundangan sa paggunita sa paghihirap ng iyong Anak na aming iniaalay sa Iyo at sa dakilang kapistahan ni Santo Tomas na iyong Confesor at Pantas. Sa pamamagitan pa rin ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Ang sumusunod na Prepasyo ay natatangi sa gamit ng Orden Dominicos:

PREPASYO PARA SA PAGMIMISA KAY SANTO TOMAS DE AQUINO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus:

Qui beatum Thomam Doctorem, vitae innocentia et ingenii sublimitate vere angelicum, in Ecclesia tua suscitare voluisti, ut earn saluberrima et firmissima communiret doctrina, et solis instar illustraret: cuius sapientiam, omnibus praecipue commendatam, totus admiratur orbis terrarum.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Panginoong banal, Dios Amang makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagka't niloob Mong si Santo Tomas na iyong Pantas, tunay na malinis at matuwid ang naging pamumuhay at nagtaglay ng aking kagalingan, ay maging huwaran sa iyong Sambayanan: Siya'y waring araw na nagliliwanag sa tanan upang tumpak na aral ay kaniyang ihayag, habang ang kaniyang pinupuring karunungan ay hinahangaan ng sandaigdigang.

Et ideo cum Angelis et Archangelis, cum Thronis et Dominationibus, cumque omni militia caelestis exercitus, hymnum gloriae tuae canimus, sine fine dicentes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon, at ng buong hukbo ng langit, inaaawit naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

Proprio sa mga Orden Dominicos:

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

HAEC nos, quaesumus, Domine, communio sancta laetificet, qua beati Thomae Confessoris tui atque Doctoris suffragiis, virtutes robrentur interius, et actus exterius pia operationis excrescant. Per Dóminum.

ISINASAMO NAMIN, O Panginoon, na ang komunyong na ito'y magpagalak sa amin: at pakundangan kay Santo Tomas na iyong Confesor at Pantas, patatagin sa amin ang kabanalan nang mahusay naming maisakatuparan ito sa gawa. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Marso 7

SAN JUAN DE DIOS
Confesor

III cl • Doble • Puti

Misa mula sa Para sa Isang Confesor Os justi, maliban dito:

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui beátum Joánnem, tuo amóre succénsum, inter flammam innóxiúm incédere fecisti, et per eum Ecclesiám tuam nova prole foecundásti : præsta, ipsíus suffragántibus méritis; ut igne caritátis tuæ vitia nostra curéntur, et remédia nobis æténa provéniant. Per Dóminum.

O DIOS, kinusa Mong mag-alab ng pag-ibig sa iyo si San Juan, at hindi Mo siya hinayaang maano ng naglalagab-lab na apoy, at pinagyaman Mo ang iyong Simbahan sa isang bagong angkan ng mga relihiyoso: itulot Mo, pakundangan sa kaniyang mga karapatan, mapawi nawa ang lahat naming mga sala dulot ng apoy ng iyong pag-ibig, at sumapit ang mga lunas na walang hanggan para sa aming kapakanan. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...